


Maling materyal + Maling tangke = Problema

Mayo 2023



Larawan 1: Mga koneksyon sa mga tangke ng kemikal sa MCPI. Nakandadong pampuno na linyang asidong sulpuriko (bilog) sa metal frame. Takip pang alikabok ng sosang (sodium) hypochlorite nasa lupa. (ref. ulat ng CSB 2017-01-I-KS)

Noong Oktubre 21, 2016, dalawang hindi magkatugmang kemikal ang aksidenteng nahalo sa pasilidad ng MGPI Processing, Inc. (MGPI) sa Atchison, Kansas. Naganap ang insidente sa isang regular na paghahatid ng kemikal ng asidong sulpuriko mula sa tagapagtustos ng asido patungo sa yarda ng mga tangke sa pasilidad ng MGPI. Maling ikinabit ng drayber ng trak ang hose ng paghahatid sa koneksyon para sa isang tangke ng sosang (sodium) hypochlorite (pangpaputi). Ang dalawang materyales na ito ay hindi magkatugma, at ang paghahalo ng asidong sulpuriko sa sosang (sodium) hypochlorite ay nagbunga ng ulap na naglalaman ng kloro (chlorine) at iba pang mga timplada.

Naapektuhan ng ulap ang mga manggagawa sa lugar at ang nakapaligid na komunidad. Higit sa 140 katao, kabilang ang mga miyembro ng publiko, mga empleyado ng MGPI, at ang drayber ng trak, ay humingi ng medikal na atensyon. Isang empleyado ng MGPI at limang miyembro ng publiko ang nangangailangan ng pagpapaospital bilang resulta ng pagkakalantad sa ulap.

Maraming mga kadahilanan kaya humantong sa insidenteng ito:

- Hindi magandang pag-label ng mga punto ng koneksyon para sa iba't ibang mga kemikal. (Ang mga label sa Larawan 1 ay wala sa oras ng insidente, ngunit idinagdag sa larawan para sa kalinawan)
- Isang mahinang sistema para ipaalam ang tamang punto ng koneksyon sa pagitan ng kumpanya at drayber ng tagatustos.
- Ang pagkabigo ng operaytor na beripikahen ang tamang koneksyon bago payagan ang paglipat ng asido.
- Mga pagkakamali at hindi pagkakapare-pareho sa pamamaraan ng pagbabawas at hindi magandang pag-unawa sa pamamaraang iyon ng mga operaytor.

Alam Mo Ba?

- Araw-araw, milyun-milyong libra ng mga mapanganib na materyales ang inililipat mula sa mga sasakyang pang-transportasyon (mga trak, riles ng tren, silindro, lantsa at barko) patungo sa mga lugar ng mga gumagamit. Karamihan sa mga pagpapatakbo ng paglilipat na ito ay ginagawa nang manu-mano.
- Kung saan ang mga drayber ng paghahatid ay direktang kasangkot sa pagbabawas ng mga kemikal, ang kumpanya ng pamamahagi ng kemikal at pamamahala ng pasilidad ay dapat magbahagi ng responsibilidad upang matiyak na ang mga kemikal ay ligtas na nailalabas.
- Ang mataas na manu-manong mga aktibidad tulad ng pag-karga at pag-diskarga ng kemikal ay nangangailangan ng mga detalyadong pamamaraan at mahusay na pagka-marka ng mga tubo at sa mga punto ng koneksyon.
- Ang ilang mga kumpanya ay nag-lalagay ng mga kakaibang pang-ugnay sa pag-karga at pag-diskargang mga tubo upang ang tamang materyal na hose lamang ang maaaring ikonekta.
- Ang mga pamamaraan ay dapat magtatag ng alituntunin na ang mga tauhan ng pasilidad ay pisikal na naroroon sa panahon ng paghahatid. Ang parehong mga tauhan ng pasilidad at mga drayber ay dapat beripikahin ang tamang koneksyon bago maglabas ng mga kemikal gamit ang mga nakasulat na checklist, plano ng mga tubo at/o pagsusuri sa mga kagamitan.
- Ang mga operaytor at drayber ay dapat magsuot ng tamang PPE para sa materyal na hinahawakan at sanayin kung paano ito isuot nang maayos.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Kapag nag-iikot, pansinin ang mga marka ng mga tubo. Ang mga nawawala o nasirang mga marka ay dapat mapalitan kaagad.
- Kung saan ang mga istasyon ng pag-kakarga o pagbabawas ay may maraming mga punto ng koneksyon, siguraduhin na ang mga koneksyon ay tama at mahusay na namarkahan.
- Basahin at sundin ang pamamaraan para sa pagbabawas. Kung ang ilang hakbang ay hindi malinaw o mali, ipaalam sa iyong superbisor at ipatama ang mga ito.
- Sa mga pagsusuri ng panganib habang nag-kakarga / nagbabawas, itanong kung ano ang mangyayari kung ang hose sa paglilipat ay konektado sa maling tangke. Ang pangkat ng PHA ay dapat gumamit ng kasangkapan sa pagkatugma ng kemikal gaya ng CRW4 (<https://www.aiche.org/search/site/CRW4>)

Ang mga manu-manong paglilipat ng kemikal ay nangangailangan ng mga tumpak na pamamaraan na patuloy na sinusunod!